Learning Activity Sheets
Baitang 3 FILIPINO

---

Pangalan:___________________________________Petsa:____________________ Iskor: ____________________

## Sariling Ideya sa Tekstong Napakinggan

**Panuto:** Basahin at unawain. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Lubog sa Baha**

Maraming mga kabahayan sa probinsya ng Cagayan ang lubog pa rin sa baha hanggang sa kasalukuyan. Ayon sa mga mamamayan ito ang naging resulta ng malawakang *illegal logging* sa kanilang lugar. Dahil sa walang habas na pagpuputol ng mga puno, wala ng sisipsip sa tubig ulan kung kaya lumambot ang lupa at rumagasa ang tubig mula sa kabundukan.

1. Ano ang reaksiyon mo sa binasang isyu? May masamang epekto ba ang pagkawala ng mga puno?

A. Mayroon dahil nagugutom ang mga mamamayan.

---


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

B. Wala dahil ang ulan ay dala ng masamang panahon.
C. Mayroon dahil nagdudulot ito ng malawakang mga pagbaha.
D. Wala dahil hindi naman kasalanan ng mga mamamayan ang mga nangyari.

2. Kung isa ka sa mga mamamayan ng nasabing lugar. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Hahayaan ko sila sa kanilang ginagawa.
   B. Hihikayatin ko ang mga tao na magtanim ng mga puno.
   C. Sasama ako sa mga nagpuputol ng puno upang magkapera.
   D. Magsasawalang kibo na lamang ako para hindi ako madamay.

3. Sino ang dapat sisihin sa mga nangyayaring kalamidad sa ating bansa?
   A. ang mga mamamayan
   B. ang ating pamahalaan
   C. ang mga pulis
   D. ang simbahan

4. Ano sa palagay mo ang dapat gawin ng lokal na pamahalaan?
   A. Ipatigil ang pagputol ng mga puno.
   B. Ipahuli ang mga nagpuputol ng puno.
   C. Magpatupad ng ordinansa tungkol sa pangangalaga sa mga kagubatan.
   D. Magkaroon ng pagpupulong sa mga nasasakupan upang maiwasan ang pagputol ng puno.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

5. Bilang isang batang mag-aaral, ano sa palagay mo ang dapat na gawin ng ating pamahalaan?
    A. Paigtingin ang batas tungkol sa *illegal logging.*
    B. Magbigay ng mga punla sa pagtatanim.
    C. Magsagawa ng mga pagpupulong.
    D. Magpatanim ng mga puno.

## Sariling Ideya sa Tekstong Napakinggan

**Panuto:** Isulat ang inyong opinyon/ideya tungkol sa nararanasang pandemya ng ating bansa.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**